

Poison Hemlock

Conium maculatum

Pamilya ng Parsley

Mga Tip sa Pagtukoy

- Mataas na biennial na halaman, na tumutubo nang 8 hanggang 10 talampakan sa ikalawang taon
- Mga parang fern na dahong matingkad na berde ang kulay na may matapang at hindi kanais-nais na amoy amag
- Tumutubo sa mabababang kumpol ang halaman sa unang taon; may mga red-purple na batik ang mga tangkay
- Ang mga tangkay sa ikalawang taon ay mataba, hollow, walang balahibo, may mga reddish-purple na batik o linya
- Ang matataas na tangkay ng bulaklak ay nagbubunga ng maraming kumpol ng maliliit na puting bulaklak na hugis payong
- Nabubuo ang mga binhi pagkatapos ng mga bulaklak at makikita ang mga ito sa mga berde at ridged na kapsulang nagiging kulay brown

Biyolohiya

Kumakalat ang poison-hemlock sa pamamagitan ng binhi. Sa unang taon, tumutubo ito at nagiging isang rosette (isang kumpol ng mga lacy na dahong malapit sa lupa). Sa ikalawang taon, nagkakaroon ito ng matataas na tangkay at bulaklak. Mabilis itong tumutubo mula Marso hanggang Mayo at namumulaklak ito sa huling bahagi ng tagsibol. Hanggang 40,000 binhi kada halaman ang nagiging bunga nito. Nahuhulog ang mga binhi malapit sa halaman at naililipat ang mga ito sa pamamagitan ng pagguho, mga hayop, ulan at aktibidad ng tao. Maaaring tumagal ang mga binhi sa lupa nang hanggang 6 na taon at umusbong sa buong panahon ng pagtatanim.

Mga Epekto

Talagang nakakalason sa mga tao, livestock, at wildlife; nagdudulot ng pagkamatay sa pamamagitan ng respiratory paralysis pagkatapos makain. Dahil sa agresibong pagtubo nito, nawawalan ng puwesto para tumubo ang kanais-nais na pananim. Maaga itong nagsisimulang tumubo at mas malamang itong makain ng mga hayop kapag kakaunti ang forage. Maaaring mapagkamalang carrot ang mga halaman, lalo na kapag maliit.

Distribusyon

Eurasian species, na matatagpuan sa buong North America. Laganap ang mga halaman sa King County; matatagpuan sa mga gilid ng kalsada, riparian area, bangin, bukirin, kanal, at bakanteng lote. Gusto sa mamasa-masang lupa at araw, pero kayang umangkop sa mas tuyong lupa at lilim.

Ang Maaari Ninyong Gawin

Alisin ang poison hemlock at abisuhan ang sinumang gumagamit ng ari-arian, lalo na sa mga lugar na napupuntahan ng mga tao, hayop, at livestock. **Nakakalason ang lahat ng bahagi ng halaman kapag nakain at maaaring manatiling nakakalason kahit na ang mga patay na tangkay nang hanggang tatlong taon.** Palaging magsuot ng pamprotektang damit (mga guwantes, mahahabang manggas) kapag hahawakan ang halamang ito. **Kung sa tingin ninyo ay may nalason, humingi kaagad ng tulong.** Sa mga tao at hayop, maaaring baligtarin ng mabilis na medikal na paggamot ang mga epekto ng pagkalason sa hemlock. Maaari kayong mag-ulat ng mga lokasyon sa mga pampublikong lupa at kalsada sa Programa sa Pagkontrol ng Mapaminsalang Damo ng King County.

Class B na Mapaminsalang Damo: Kailangang Kontrolin sa Mga Pampublikong Lupa at Kalsada



Ang poison-hemlock ay may mga parang fern na dahong matingkad na berde ang kulay na amoy amag.



May mga reddish-purple na batik o linya ang mga makapal at walang balahibong tangkay.



Umuusbong ang mga kumpol ng maliliit na puting bulaklak na may limang talulot sa huling bahagi ng tagsibol.

May mga tanong?

Programang sa Pagkontrol ng Mapaminsalang Damo ng King County:
206-477-WEED kingcounty.gov/weeds

Mga Paraan ng Pagkontrol

Mano-mano:

Magsuot ng mga guwantes at mahahabang manggas. Para sa maliliit na lugar, hilahin o hukayin ang mga halaman. Alisin ang buong ugat. Hugasang mabuti ang inyong mga kamay pagkatapos humawak ng mga halaman. Upang maging mabisa, kailangang alisin ang lahat ng magulang na halaman upang walang bagong binhing mabuo. Pagkatapos ninyong linisin ang lugar, magdagdag ng layer ng mulch o magtanim ng kanais-nais na pananim. Makakatulong ito para pigilang umusbong ang mga binhi ng poison hemlock. Huwag mag-iwan ng mga bulaklak sa lupa dahil maaari pa ring tumubo ang mga bagong halaman mula sa mga binhi. Hindi inirerekomenda ang pag-compost; sa halip, ilagay ang mga hinilang halaman sa isang plastic na basurahan at itapon ito sa inyong regular na basurahan.

Mekanikal:

Babala: maaaring malanghap ang mga lason kapag nagtatabas ng poison hemlock. Hindi inirerekomenda ang pagtatabas o pagbubunot ng damo dahil sa panganib na malanghap ang mga lason. Maaari ding muling tumubo ang mga tinabas na halaman mula sa ugat.

Kemikal:

Sundin ang mga label gaya ng kung paano ito mismo nakasulat at gumamit lang ng mga produktong naaangkop at legal para sa lugar. Dapat lang ilagay ang mga herbicide sa daming tinukoy sa label. Wisikan ang foliage (mga dahon at tangkay) sa tagsibol, at wisikan ulit sa tag-init para sa mga huling usbong. Wisikan ang mga halaman bago mamulaklak ang mga ito para sa pinakamagandang resulta. Maaaring hindi mapigilan ng pagwiwisik na bumuo ng mga binhi ang mga magulang na halaman. Para sa madadamong lugar, inirerekomenda namin ang paggamit ng selective na herbicide para sa malapad ang dahon na may aktibong sangkap na triclopyr, 2,4-D o metsulfuron. Mabisa rin ang mga produktong may Glyphosate pero pinapatay rin ng mga ito ang damo pati na rin mga halamang malapad ang dahon. Huwag putulin ang mga halamang nilagyan ng herbicide hanggang sa matuyo ang mga ito. Umuusbong ang mga binhi buong season, kaya kinakailangang ulitin ang paglalagay ng herbicide upang maalís ang lahat ng halaman. Maaaring magkakaiba ang mga opsyon sa pagkontrol ng kemikal para sa mga gumagamit nang pribado, para sa komersyo, at para sa ahensya ng pamahalaan. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Programa sa Pagkontrol ng Mapaminsalang Damo.

Maaaring mapagkamalang:

Kamukha ng Poison Hemlock ang Wild Carrot (*Daucus carota*) at iba pang miyembro ng pamilya ng parsley, kabilang ang fennel, chervil, at anise.

Maaaring matukoy ang kaibahan ng wild carrot at poison hemlock sa ilang paraan. Karaniwang tumutubo lang ang wild carrot nang humigit-kumulang 3 talampakan; may maninipis na balahibo at mas kaunti ang mga sanga ng mga berdeng tangkay nito; at namumulaklak ito sa huling bahagi ng tag-init. Sa kabilang banda, tumutubo ang poison hemlock sa mga taas na 8 talampakan o higit pa; may matapang na amoy amag ang mga dahon nito; at may mga reddish o purple na batik/linya ang mga tangkay nitong walang balahibo.



Karaniwang napagkakamalang poison hemlock ang wild carrot (kilala rin bilang Queen Anne's Lace).



Mukhang mga carrot ang mga murang halaman, pero nakakalason ang lahat ng bahagi (mga ugat, tangkay, bulaklak, binhi, dahon). Magsuot ng pamprotektang damit at ingatan itong mabuti.



Mabilis na dumarami sa malalawak na lugar, at inaagawan nito ng puwesto ang mga kapaki-pakinabang na halaman.



Sa unang bahagi ng tagsibol, maghanap ng mga tumpok ng mga lacy na dahong matingkad na berde ang kulay. Ang pinakamalalaking tumpok ay mga halaman sa ikalawang taon na nag-iipon ng enerhiya upang mamulaklak at magbinhi sa huling bahagi ng tagsibol.